# Mga Patnubay sa Paglilingkod at Aktibidad para sa mga Kabataan

*Layon ng mga tuntunin at patnubay na ito na tulungan ang kabataan at mga adult leader habang nagsasanggunian sila sa pagpaplano ng makabuluhang mga pagkakataong maglingkod at masasayang aktibidad. Ang mga tuntunin at patnubay na ito ay magagamit din bilang resource o sanggunian sa mga stake, ward, at youth council meeting.*

## MGA ALITUNTUNIN

Ang mga aktibidad ay dapat planuhin at isagawa ng mga lider ng korum at klase, na may suporta mula sa mga adult adviser. Ang mga aktibidad ay dapat:

- Palakasin ang pananampalataya ng bagong henerasyon sa Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo, at tulungan ang kabataan at ang kanilang pamilya na umunlad sa landas ng tipan sa pagharap nila sa mga hamon ng buhay.
- Tulungan ang mga kabataan na maisakatuparan ang gawain ng kaligtasan at kadakilaan (tingnan sa *Pangkalahatang Handbook: Paglilingkod sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw* [2020], 1.2, ChurchofJesusChrist.org).
- Bigyan ng suporta ang mga kabataan at ipadamang kabilang sila sa pamamagitan ng pagpapalakas ng pagkakaisa sa korum at klase at pagpapatatag ng kanilang ugnayan sa mga kaibigan, lider, at pamilya.
- Maglaan ng balanseng mga oportunidad para makapaglingkod sa ibang tao ang mga kabataan at umunlad sa espirituwal, pakikipagkapwa, pisikal, at intelektuwal (tingnan sa Lucas 2:52).
- Magbigay ng mga karanasan na tutulong sa mga kabataang lalaki at kabataang babae na maghandang gampanan ang kanilang mga banal na tungkulin.
- Sundin ang lahat ng patakaran at patnubay ng Simbahan ukol sa kaligtasan (tingnan sa safety.ChurchofJesusChrist.org).

## MGA PATNUBAY

Ang sumusunod na mga patnubay ay maaaring iangkop sa lokal na kalagayan, sa ilalim ng pamamahala ng mga lokal na lider:

- Magdaos ng paglilingkod at mga aktibidad linggu-linggo hangga't maaari. Ang paglilingkod at mga aktibidad ay maaaring ganapin nang hindi gaanong madalas batay sa mga pangangailangan at kalagayan ng mga miyembro ng korum at klase subalit dapat idaos nang kahit minsan sa isang buwan.
- Gumawa ng kalendaryo nang hindi bababa sa tatlong buwan bago pa ang mga kaganapan. Titiyakin nito na ang balanse at iba't ibang makabuluhan at mahihirap na gawain, ayon sa mga alituntunin sa itaas, ay nakaplano upang matugunan ang mga pangangailangan ng bawat miyembro ng korum at klase.
- Maghanap ng mga pagkakataon para ang mga kabataan ay makapagbigay ng makabuluhang paglilingkod sa mga indibiduwal, pamilya, at komunidad. Pag-isipan ang mga pangangailangan at interes ng bawat miyembro ng korum at klase habang hinihikayat sila na tumulong sa iba.
- Dahil ang pinagsamang mga aktibidad ng mga kabataang lalaki at kabataang babae ay kapaki-pakinabang, gawin ito buwan-buwan hangga't maaari. Ang pinagsamang mga aktibidad para sa mga nakatatandang kabataan ay maaaring idaos nang mas madalas.
- Bigyan ang mga kabataan ng mga pagkakataong dumalo sa mga kumperensya at kamping:
    - Ang kabataan na magiging edad 14 pataas ay dadalo sa isang FSY conference kada dalawang taon. Ang mga youth conference at trek (paglalakbay) ay maaaring maganap sa mga taon na hindi magdaraos ng FSY conference.
    - Ang mga Young Women camp at Aaronic Priesthood quorum camp ay maaaring idaos taun-taon.
    - Ang karagdagang magdamagan na kamping at mga aktibidad ay maaari ding ganapin. Para sa mga kabataang lalaki, tatlo hanggang anim na karagdagang magdamagan na kamping o mga aktibidad taun-taon ang hinihikayat na gawin hangga't maaari.
- Maghanap ng mga ideya para sa mga aktibidad ng korum at klase sa ChurchofJesusChrist.org/youth/childrenandyouth/discover. Gamitin ang *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (2011) bilang resource o sanggunian sa pagpaplano ng mga aktibidad.

## RESOURCES O MGA SANGGUNIAN

- *Pangkalahatang Hanbuk,* mga kabanata 10, 11, at 20
- YoungWomen.ChurchofJesusChrist.org
- AaronicPriesthoodQuorums.ChurchofJesusChrist.org

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2021 ng Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. 10/19. Pagsasalin ng *Service and Activity Guidelines for Youth Document.* Tagalog. PD60009891 893. Inilimbag sa Pilipinas.